
UK Health Security Agency

NHS

# Iskedyul ng bakuna ng iyong anak



## 8 linggo

- 6-in-1 na bakuna*
- Rotavirus na bakuna*
- Meningitis B na bakuna*



## 12 linggo

- 6-in-1 na bakuna**
- Pneumococcal na bakuna*
- Rotavirus na bakuna**




## 16 linggo

- 6-in-1 na bakuna***
- Meningitis B na bakuna**




## 1 taon

- Haemophilus Influenzae Type B (Hib)/Meningitis C na bakuna*
- Bakuna para sa tigdas, beke, at rubella*
- Pneumococcal na bakuna**
- Meningitis B na bakuna***



## Higit 2 taon

- Bakuna para sa trangkaso ng mga bata (taun-taon)



## 3 taon at 4 na buwan

- Bakuna para sa tigdas, beke, at rubella**
- 4-in-1 na booster na bakuna para sa pre-school

*unang dosis, **pangalawang dosis, ***pangatlong dosis

Ang 6-in-1 ay proteksyon laban sa diphtheria, tetano, tuyong ubo, polio, Hib at hepatitis B

Ang 4-in-1 ay proteksyon laban sa diphtheria, tetano, tuyong ubo at polio

**Sundin ang iskedyul ng bakuna ng iyong anak upang maprotektahan sila laban sa mga sakit**

Ipaskil ang timeline na ito bilang paalaala



- Dumarami na ang mga kaso ng mga sakit ng mga bata tulad ng tigdas at tuyong ubo
- Maaari itong magresulta sa lubhang pagkakasakit ng mga bata, na nagdudulot ng pagkakaospital o panghabambuhay na problema
- Kung hindi nabakunahan ang iyong anak, hindi siya protektado
- Mahalagang maibiga ang mga bakuna sa tamang panahon para sa ganap na proteksyon. Ang ilan ay nangangailangan din ng mga dosis ng booster kalaonan
- Tingnan ang personal na rekord ng kalusugan ng iyong anak o makipag-usap sa iyong General Practitioner (GP) upang masuri kung may nakaligtaang bakuna ang iyong anak
- Maaari mo pa ring matanggap ang karamihan sa mga nakaligtaang bakuna
- Libre ang lahat ng bakuna para sa mga bata. Habang lumalaki ang mga bata, mas maraming bakuna ang iaalok sa kanila, hanggang sa sila ay magtinedyer. Ang ilang bakuna ay iniaalok sa paaralan
- Sinuri nang husto ang mga bakunang iniaalok ng NHS upang matiyak ang kaligtasan at bisa nito. Maaaring magdulot ng mga side effect ang lahat ng gamot, pero kabilang ang mga bakuna sa mga pinakaligtas
- Ipinapakita ng pananaliksik sa mula sa buong mundo na ang pagbabakuna ay ang pinakaligtas na paraan para maprotektahan ang kalusugan ng ating mga anak

## Updated ba ang mga bakuna ng iyong anak?

## Magpa-book na sa kanilang General Practitioner

© Crown copyright

CHIMMS24PC